

LA NiÑA PALAY TIPS



LA NIÑA AT PAGPAPALAYAN

Ano ang La Niña?

Ang La Niña ay ang hindi pangkaraniwang haba ng panahon ng tag-ulan na madalas nangyayari pagkatapos ng El Niño. Tuwing may La Niña, lumalamig ang temperatura ng silangang bahagi ng Karagatang Pasipiko, maikli ang tag-araw, mas maraming bagyo, at mas malamig ang hangin.

Ano ang epekto ng La Niña sa palay?

1. Ang mahinang sinag ng araw ay nakaapekto sa *photosynthesis* o ang proseso ng paggawa ng palay ng sarili nitong butil.
2. Kapag sobra ang tubig, nasisira ang nakalubog na palay. Sumasabay na rin ang pag-atake ng kuhol lalo na kung mahirap o matagal maalis ang tubig at ang palay ay maliliit pa.
3. Kung nalulubog ang tanim sa panahong mula sa pagtubo hanggang sa paglago bago mamulaklak (*vegetative stage*), nagiging kakaunti ang suwi ng palay.
4. Kapag laging makulimlim at maulan, madalas ang pag-atake ng peste gaya ng *brown planthopper*, *stemborer* at *leaffolder*. Ganun din ang mga sakit gaya ng *bacterial leaf blight*, *sheath blight*, at *false smut*.
5. Kung laging makulimlim at maulan sa panahon ng paglilihi at pagbubuntis, mas kakaunti ang nabubuon butil sa uhay dahil sa mahina ang init ng araw o *low radiation*.
6. Mas mataas din ang posibilidad ng pagdapa ng palay kung may malalakas na hangin sanhi ng malalambot na puno dahil laging babad sa tubig.
7. Mas mahirap ang pag-ani at pagpapatuyo ng palay.
8. Mas mababa ang kalidad ng mga inaning palay na maaaring makaapekto sa presyo nito.



Ano ang mga pwedeng gawin sa palayan upang mapaghandaan ang La Niña?

1. Magtanim ng mga barayting may kakayahang mabuhay kahit nalulubog sa tubig ng ilang araw. Sa mga lugar na nalulubog, matibay ang mga barayting NSIC Rc68 (Sacobia) at NSIC Rc194 (Submarino 1). Ang NSIC Rc222 (Tubigan 18) naman ay matibay sa mga lugar na di nalulubog subalit mayroong mataas na tubig (*partial submergence*).
2. Planuhin ang pagtanim upang ang pamumulaklak, paglalaman, at pag-ani ay hindi matapat sa malakas na ulan o hangin.
3. Kumpunihin ang pilapil. Linisin naman ang mga kanal upang dumaloy nang maayos ang tubig at maiwasan ang pagkalubog sa tubig ng palayan. Sa pamamagitan nito, maiwasan ang peste tulad ng daga, pesteng insekto gaya ng harabas (*armyworm*), susuhong (*mole crickets*), at mga sakit.
4. Paagusin ang sobrang tubig sa palayan pagkatapos ng malakas na ulan.
5. Magtanim ng puno sa paligid ng palayan bilang panangga sa hangin (*wind breaker*).
6. Gumamit ng *mechanical dryers* at huwag idepende ang pagbilad ng palay sa init ng araw.
7. Sa mga lugar na nagtatagal ang baha, gumawa ng mga *floating gardens*. Maaari ritong magtanim ng mga gulay gaya ng kangkong, sitaw, pechay, at iba pa.
8. Imbakin ang tubig-ulan gamit ang *small farm reservoir*. Maaaring gamitin ang naipong tubig sa susunod na taniman. Pwede ring mag-alaga ng tilapia rito habang may La Niña.